# Balitang Manmin

BILANG 102 PEBRERO 16, 2014


# “Dahil sa Pagpapala ng Diyos, Malusog ang Anak Ko”

## Ipinanganak na normal ang sanggol na ipinanalangin ni Dr. Jaerock Lee













Lumago ang pananampalataya ni Diakonesa Sungjin Yun, 38 taong gulang, nang magsilang siya ng isang malusog na sanggol dahil sa pagpapala ng Diyos noong Nobyembre 2013. Sa Quad Screen Test (pagsusuring isinasagawa para makita kung normal o hindi ang sanggol sa sinapupunan) na isinagawa sa kanya noong ika-limang buwan ng pagbubuntis, nakitang malaki ang posibilidad na hindi normal ang sanggol niya, mayroon itong palatandaang may ‘Down syndrome’. Gayon pa man, ipinanalangin siya ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Malusog ang naging anak niya.

Kahit walang kinatatakutan ang isang tao, panghihinaan ito ng loob kung malalaman nito na hindi normal ang ipapanganak niyang sanggol. Ang ‘Down syndrome’ o ‘Down’s syndrome’ (DS), ay isang kondisyon kung saan mabagal ang kakayahang mag-isip at hindi normal ang pisikal na paglaki ng isang tao. Ang sanhi nito ay abnormal na ‘chromosomes’ dahil may mali sa pagbahabahagi ng selula. Ang mga ipinapanganak na may DS ay halos magkakamukha, hindi normal ang buhay ng karamihan sa kanila.

Gayon pa man, sa Manmin Central Church, maraming nakaranas ng paggaling ng mga sanggol na nasuring may palatandaang magkakaroon ng DS. Ipinanalangin sila ni Dr. Jaerock Lee habang ipinagbubuntis pa lang. Nangyayari ito mula nang magbukas ang iglesya noong 1982 hanggang ngayon.

Noong pang-apat na buwan ng pagbubuntis niya labing anim na taon na ang nakaraan, pinaalalahanan si Punong Diakonesa Heeyoung Yang na baka hindi maging normal ang magiging anak niya. Siya ay 56 taong gulang na kasi noon (litrato 4). Pero hindi siya nag-alala. Ito’y sa dahilang ang asawa niyang si Diakono Hyungju Park ay gumaling mula sa pananakit ng likod na pinagdusahan niya sa loob ng 10 taon at ang mga maliliit na bukol sa lalamunana niya ay gumaling din dahil sa kapangyarihan ng Diyos. Bumisita sila kay Dr. Jaerock Lee para hilingin ang panalangin nito nang may pananampalataya. Pagkatapos, ipinanganak niya ang malusog na batang lalaki.

Noong ikatlong buwan ng pagbubuntis sa pangalawang anak nila, nasuring magkakaroon ulit ito ng DS. Pero dahil muli nilang tinanggap ang panalangin ni Dr. Lee, ipinanganak nang normal ang sanggol. Tinuturuan nila ang mga anak nilang huwag makalimot sa pagpapalang ito ng Diyos sa kanila. Maayos na lumaki ang dalawang bata. Nagpasalamat sila sa Panginoon.

Maraming patotoo ang natatanggap mula sa mga tumanggap ng proteksyon mula sa hindi normal na pagbubuntis. Ito ay dahil sa pananalangin ni Dr. Lee na lumalampas sa lugar at panahon.

Noong taong 2008, nagpa-ultra sound si Diakonesa Eujin Park, 35 taong gulang, miyembro ng Calgary Manmin Church (litrato 5), sa ipinagbubuntis niyang panganay. Iminungkahi ng doktor niya na sumailalim siya sa iba pang pagsusuri. Nagpasuri siya ng mahigit sa sampung beses sa ilang mga ospital. Nalaman niya na may butas sa puso at hindi nabuo ang kidney o bato ng sanggol niya. Malaki din ang posibilidad na may DS ito. Wala silang magawa ng asawa niyang si Diakono Juncheol Kwon kundi manalangin sa Diyos nang may pagluha. Napanatag ang kalooban nila at nakatiyak na magiging normal ang anak nila nang tanggapin nila ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee. Nagkaroon sila ng kapayapaan. Pagkatapos ng apat na buwan, ipinanganak niya ang malusog na sanggol na may timbang na 3.6 kg. Lumalaki ito ng maayos ngayon.

Marami pang ibang ipinanganak na normal kahit nasuring may posibilidad na may DS ang mga ito sa pamamagitan ng pananalangin ni Dr. Lee. Kasama dito ang mga sanggol nina Diakonesa Hyesuk Kim (litrato 1), Kyuhee Yim (litrato 2), Hyunhee Kim (litrato 3), Aemi Song, Sundeok Kim, Junghee Kim, Myungsuk Yu, Songhee Shin, Jaesuk Choi, Jinhyung Cho, Yunhee Kim, Sungsuk Lee, Ohrye Park, at Hyojung Kim, Punong Diakonesa Suhee Yim, at Kapatid na Miyoung Kim.

Nagsalita si Dr. Gilbert Chae, Pangulo ng WCDN (World Christian Doctors Network, samahan ng mga Cristianong doktor) tungkol sa mga patotoo, “Ang ‘sperm’ ng tatay o ang ‘egg cell’ ng nanay ay nagkakaroon ng sobrang ‘chromosome 21’ kaya sa halip na tig-dalawampu’t tatlo lang ang bawat isa sa kanila, ito ay nagiging dalawampu’t apat na ‘chromosomes’. Ang selulang ito ang nagiging sanggol sa pamamagitan ng pagbaha-bahagi. Sa halip na apatnapu’t anim ang kabuuang bilang ng ‘chromosomes’, ang embryo ay may apatnapu’t pito. Sa madaling salita, trilyong bilang ng selula ng ‘embryo’ ang may tig-tatatlong sobrang ‘chromosome 21’. Ito ang nagiging dahilan ng Down Syndrome. Imposibleng gawing normal ang napakaraming selula, kahit ng makabagong panggagamot. Nagagalak ako kapag iniisip ko ang kapangyarihan ni Dr. Lee na muling paglikha, tinatanggal nito ang sobrang ‘chromosome’ mula sa trilyong selula sa maiksing panahon.”




Bumisita sa Korea si Diakonesa Eujin Park at ang asawa niya para taos-pusong magpasalamat kay Dr. Jaerock Lee noong tatlong buwang gulang ang anak na babae nilang si Yeji. Kadalasan, umiiyak si Yeji kapag nilalapitan siya ng mga taong hindi niya kilala, pero napakaganda ng ngiti niya nang makita niya si Dr. Lee. Anim na taong gulang na siya ngayon (tingnan ang litrato sa ibaba).

Kadalasan, ang dahilan ng pagkakaroon ng Down syndrome ay ang paggawa ng mga ninuno o mga magulang ng mga kasalanang patungo sa kamatayan tulad ng pagsamba sa mga diyus-diyosan, o paglapastangan, paglaban, o pagpahiya sa Banal na Espiritu (1 Juan 5:16). Kaya kung pagsisisihan ng mga magulang ang mga kasalanan nila bago ipanganak ang sanggol at tanggapin ang panalangin ng kapangyarihan ng muling paglikha, posibleng gumaling ito dahil wala pang nagagawang kasalanan ang ‘fetus’. Gusto ng Diyos na pagkalooban ng mabubuting bagay ang mga anak Niya. Para tanggapin ang mga kasagutan Niya, dapat magpakita ng pananampalataya sa Kanya ang mga tao. Ito ay pananatiling banal ng Araw ng Sabbath, pagkakaloob ng ikapu, at pagsunod sa Salita ng Diyos sa araw-araw na pamumuhay.



# Ang Karunungang Dalisay

"Ngunit ang karunungang buhat sa itaas, una'y malinis, saka mapagpayapa, banayad, mapagbigay, puspos ng kaawaan, at ng mabubuting bunga, walang pagtatangi, walang pagkukunwari" (Santiago 3:17).



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Dito sa mundo, parang mas kumportable sa buhay ang mga tusong matatalino. Pero sa totoo lang, marami silang problema sa kanilang tahanan, negosyo, opisina, at maaaring magkaroon sila ng biglaang krisis na hindi madaling solusyunan.

Ang mga taong may banal na puso at tumanggap ng mabuting karunungan ay tatamasa ng masaganang buhay sa pag-ibig at pagpapala ng Diyos, hindi gaya ng mga taong unang binanggit. Ano nga ba ang mabuting karunungan na ibinibigay ng Diyos?

## 1. Madaling paraan para tanggapin ang karunungan mula sa Diyos

Ano ang pagkakaiba ng kaalaman at karunungan? Ang isang bagong panganak na sanggol ay parang papel na walang sulat, wala pa siyang kahit na anong kaalaman. Habang lumalaki siya, naiipon sa memorya o utak niya ang mga bagay na nakikita, naririnig, at natututuhan sa pamamagitan ng kanyang pandama. Ang tawag dito ay 'kaalaman'. Ang pagkuha ng iba't ibang kaalaman at ang epektibong paggamit ng mga ito ay 'karunungan'.

Samakatwid, ang 'karunungan' ay 'ang kakayahang mag-isip at kumilos batay sa kaalaman, karanasan, pag-unawa, pananaw, at ideya.' Ang karunungang mula sa Diyos ay kinakailangan para magkaroon ng matagumpay na buhay; para makapagligtas ng maraming kaluluwa; para tuparin ang kaharian ng Diyos; at para sa pangkalahatang bahagi ng buhay. Paano natin tatanggapin ang mabuting karunungan mula sa Diyos?

Sinasabi ng Mga Kawikaan 9:10, "Ang takot sa PANGINOON ang pasimula ng karunungan..." Kaya para tanggapin ang mabuting karunungan mula sa Diyos, una sa lahat, dapat nating layuan ang kasamaan sa pamamagitan ng mapitagang takot sa PANGINOON (Mga Kawikaan 16:6).

Mababasa sa Santiago 3:17, "Ngunit ang karunungang buhat sa itaas, una'y malinis, saka mapagpayapa, banayad, mapagbigay, puspos ng kaawaan at ng mabubuting bunga, walang pagtatangi, walang pagkukunwari." Ang itinutukoy na 'karunungang buhat sa itaas' ay ang karunungan ng Diyos. Ang pinakamadaling paraan para tanggapin ang karunungan ng Diyos ay pagwawaksi ng lahat ng klase ng kasamaan sa pamamagitan ng takot sa Diyos at pagpapabanal.

## 2. Mabuting karunungan mula sa pusong dalisay

Kapag nalaman ng isang taong may masamang kalooban na may masamang balak ang ibang tao sa kanila, sasaktan nito ang damdamin ng mga taong ito at papahiyain sila. Kahit hindi tahasan ang pananakit nila ng damdamin, idadaan nila ito sa pangungutya.

Pero hindi mapang-insulto o nananakit ng damdamin ang mga taong may mabuting karunungan. Tumutulong sila sa ibang tao para malaman ang pagkakamali nila. Ang lahat ng paraan ng karunungan ng Diyos ay mga paraang nagmumula sa kabutihan. Kung mayroon tayong mabuting kalooban, maaari tayong makipag-ugnayan sa Diyos sa malalim na paraan at tatanggapin natin ang mabuting karunungan ng Diyos. Pero kung masama ang kalooban natin, hindi madaling isabuhay ang mabuting karunungan. Samakatwid, ang pinakamadaling paraan para tumanggap ng karunungan at makinabang sa karunungang iyon ay ang pagwaksi ng kasamaan mula sa puso.

Kung matalino tayo, mauunawaan natin ang puntong ito. Mananalangin tayo sa paraang hahaplos sa puso ng Diyos. Halimbawa, ipagpalagay nating lider kayo ng isang 'cell group'. Kahit pagsikapan ninyo, mabagal ang pagsigla ng grupo. Inirereklamo pa kayo ng ilang miyembro. Kung ipapanalangin ninyo sa Diyos ang sitwasyong ito na may mabuting kalooban, malulugod sa inyo ang Diyos.

"Diyos Ama, nagpapasalamat ako dahil naligtas ako, at higit sa lahat, ibinigay Mo sa akin ang mahalagang tungkulin bilang lider ng isang maliit na grupo! Gusto kong mapagsilbihan nang mabuti ang mga miyembro nito. Taglay namin ang pag-ibig at pagluha ng Panginoon, ibubunga ko ang pagmamahal Niya. Nawa ay tanggapin ko nang may pagpapasalamat ang mga payo ng mga miyembro ng grupo. Ibinibigay nila ito sa akin dahil mahal nila ako. Magkaisa nawa kami para mas maging mabunga."

Natural lang para sa mga mabubuting tao na iwasang magsalita ng mga bagay na makakapagpalungkot sa puso ng Diyos. Kung masama ang puso natin, mababahiran nito ang mga pananalita natin nang hindi natin napapansin. Hindi basta lumalabas ang mabubuting salita o mabubuting dalangin kahit magsikap tayo. Kaya ang kasagutan sa panalangin natin ay darating nang mabilis o mabagal ayon sa klase ng kalooban natin habang nananalangin tayo. Nalulugod ang Diyos sa mga panalanging mabuti, sinasagot Niya ito agad.

Kung minsan, nahihirapan kayo dahil mayroon kayong hindi pagkakasundo sa ibang tao. Sinasabi nilang may ginawa kayong isang bagay na hindi naman ninyo ginawa o may sinabi kayong hindi naman ninyo sinabi. Habang nagdadahilan kayo, mas dumarami ang mga tsismis tungkol sa inyo. Sira na ang samahan kahit mapatunayan ninyong wala kayong ginawang mali at maibunyag ang pagkakasala ng ibang tao. Mas mabuting ipasa-Diyos na lang ninyo ang sitwasyong ito sa halip na pagtalunan kung sino ang tama o mali.

Sa 2 Kay Timoteo 2:23, sinasabi, "Iwasan mo ang mga usapang walang kabuluhan at hangal, yamang nalalaman mo na namumunga ang mga ito ng mga away." Sinabing nauuwi sa away ang mga walang saysay na usapan. Kung mananahimik na lang kayo at iintindihin ang ibang tao, lalambot ang puso nila. Magtitiwala na sila sa inyo.

Kaya kapag may dumating na pagsubok sa inyo, huwag lang ang paghihirap na nararanasan ninyo ang bigyan ninyo ng pansin. Sa halip, isipin ninyo kung anong dapat ninyong matutuhan sa sitwasyong ito. At kung ipapanalangin ninyo ito sa tulong ng Banal na Espiritu, maaaring maging isang pagkakataong ito para tumanggap ng mga biyaya.

Sinasabi ng Kawikaan 3:6, "Sa lahat ng inyong mga lakad Siya'y iyong kilalanin, at itutuwid Niya ang iyong mga landasin." Kung hindi na kayo magdadahilan at magsisikap patunayang wala kayong kasalanan, kundi tahimik na lang pagsikapang alamin ang kalooban ng Diyos, makikita ninyo ito. Malalaman ninyo ang dahilan kung bakit wala kayong proteksyon. Kahit akusahan pa kayo ng mali, balewala ito. Dahil pinapatnubayan kayo ng Diyos, ibabalik Niya ang mga nawawala sa inyo. Magiging espirituwal at materyal na pagpapala ang mga ito. Ito ang mabuting karunungan.

Pero kahit pag-aralan nating mabuti ang ganitong klaseng karunungan, hindi natin maaangkin ito kung masama ang puso natin. Kung nasaktan ang kalooban natin, nagalit tayo, at dumaing at nagreklamo, bagsak tayo sa pagsubok. Kapag iwawaksi natin ang kasamaang ito at magiging banal, magbubunga tayo ng karunungan.

## 3. Ang karunungang hindi mabuti ay walang kabuluhan

Si Absalom ang pangatlong anak na lalaki ni David. Magandang lalaki siya at napakarunong niya. Pero ang problema, ginamit niya ang katalinuhan niya sa masamang paraan dahil masama siya.

Pinapatay ni Absalom sa mga tauhan niya ang kapatid niya sa ama na si Amnon dahil hinalay nito ang kapatid niyang babae. At dahil may galit siya kay David, nagplano siya ng paghihimagsik. Sinanay niya nang matagal ang mga sundalo at bantay niya, at sinikap niyang maging magiliw sa mga tao. Pinalabas niya na walang pagmamahal sa kanila si David at nagpatuloy siya sa pag-agaw ng mga kalooban ng mga tao.

Nakumbinsi rin ni Absalom ang tagapayo ni David na si Ahithopel para pumanig sa kanya. Parang nangyari ang lahat ayon sa plano niya. Pero nabigo ang paghihimagsik ni Absalom. Bakit kaya? Dahil niloob ng Diyos na mabigo ang karunungan ni Absalom. Binigyan ni Ahithophel si Absalom ng paraan para sa tiyak na tagumpay, pero hindi ito sinunod ni Absalom. Pinili niyang sundin ang payo ni Hushai, na sa totoo lang, nagpayo para sa ikakabuti ni David. Napakatalino ni Absalom, pero sa sandaling pinahina ng Diyos ang pagpapasiya niya, agad siyang napunta sa daan ng pagkawasak.

Walang kabuluhan ang karunungang hindi banal. Hindi natin mauunawaan ang mabubuting salita kapag naririnig natin ito kung hindi tayo mabuti. Pero kung tatanggapin natin ang karunungan na may banal na puso, malalaman natin kung ano ang dapat at hindi dapat nating sabihin at kung anong dapat at hindi dapat gawin. Pagkatapos, ang mga salita at gawain natin ay patutunayan ng Diyos, mamumunga tayo ng mga biyaya at tatanggap tayo ng masaganang kasagutan.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, kung makakapagbigay tayo ng kagalakan at kasiyahan kahit sa mga nagbibigay sa atin ng sama ng loob, pagpapalain tayo ng Diyos kahit saan tayo pumunta. Samakatwid, idinadalangin ko sa pangalan ng Paninoon na pangangalagaan ninyo ang mabuting puso na kinikilala ng Diyos at gagawing masaya ang inyong mga pamilya, opisina, at negosyo sa pamamagitan ng karunungang natatamo mula sa mabubuting puso.

### Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)


"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@manmin.org
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Pag-ibig sa Sanlibutan

## Ang masamang pagnanasa ng laman, ang pagnanasa ng mga mata, ang pagmamataas sa buhay

Pagkatapos likhain ng Diyos ang langit at lupa at ang lahat ng mga bagay dito, at lalangin si Adan at Eva, binasbasan Niya ang mga ito para magkaroon ng mga anak at magpakarami, punuin ang lupa, at supilin ito; magkaroon ng pamamahala sa mga isda sa dagat, mga ibon sa himpapawid, at sa lahat ng bagay na may buhay na gumagalaw sa ibabaw ng lupa. Paglipas ng mahabang panahon, nahulog si Adan at Eva sa tukso ng tusong ahas. Nagkasala sila ng pagsuway dahil kinain nila ang bunga ng punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama. Dahil dito, namatay ang espiritu nila at naputol ang ugnayan nila sa Diyos. Ang kapangyarihang pamamahala sa mundo ay naipasa sa kaaway na diyablo at Satanas.



### Ang dahilan kung bakit kailangang iwaksi ang pag-ibig sa sanlibutan

Sinasabi sa 1 Juan 2:15-16, "Huwag ninyong ibigin ang sanlibutan, ni ang mga bagay na nasa sanlibutan. Ang pag-ibig ng Ama ay wala sa sinumang umiibig sa sanlibutan. Sapagkat ang lahat na nasa sanlibutan, ang masamang pagnanasa ng laman, ang pagnanasa ng mga mata, at ang pagmamataas sa buhay, ay hindi mula sa Ama kundi sa sanlibutan." Kung mahal natin ang mundo, wala sa atin ang pagmamahal ng Diyos, hindi natin mauunawaan ang kalooban Niya kaya hindi natin ito magagawa.

Natatanto ng mga anak ng Diyos na tumanggap ng Banal na Espiritu ang pag-ibig ng Diyos, mamahalin nila ito. Pero hindi ito nangangahulugang naiwaksi na nila ang pag-ibig nila sa sanlibutan. Magpapatuloy ang paglago nila sa pagmamahal para sa Diyos habang iwinawaksi nila ang pag-ibig sa sanlibutan.

Ano ba itong 'pag-ibig sa sanlibutan' na dapat nating iwaksi para mas mahalin ang Diyos?

#### Una, ang Masamang Pagnanasa ng Laman

Sa espirituwal na diwa, ang tinutukoy na 'laman' ay ang makasalanang likas na nasa katawan ng tao. Ang 'pagnanasa ng laman' ay ang makasalanang ugali na lumalabas sa mga kilos o gawa. Ito ay mga kasalanang nasa puso na gustong lumabas. Sa madaling salita, ito ang kagustuhang magkasala.

Para maiwaksi ang pagnanasa ng laman, dapat nating iwaksi ang makalamang saloobin. Baguhin natin ang masasamang saloobin at damdamin na kinapopootan ng Diyos at gawin ang mga itong mabuti. Kasabay nito, tanggalin natin ang makasalanang likas.

Para tanggalin ang makasalanang likas tulad ng 'inggit' mula sa puso ninyo, isipin ninyo ang damdamin ninyo noong sandaling nainggit kayo. Idalangin ninyo ito. Dapat maging maalab ang pananalangin ninyo hanggang mawala ang inggit ng lubusan. Ang mahalaga dito ay huwag na tayong tumanggap ng 'laman' mula sa mundo.

#### Pangalawa, ang Pagnanasa ng mga Mata

Ang 'pagnanasa ng mga mata' ay ang likas na gumugulo sa ating mga puso na umuudyok sa atin na sumunod sa mga makalamang bagay sa pamamagitan ng mga bagay na nakikita at naririnig. Habang lumalaki ang isang tao, nakakakita at nakakarinig ito ng mga bagay na pumupukaw sa puso niya. May epekto ang mga ito sa damdamin niya. Ito ang dahilan ng pagnanasa ng mga mata. Kung palagi kayong nagpapasok ng masasamang bagay sa damdamin ninyo at wala kayong ginagawa para pigilan ito, nauuwi ito sa pagnanasa ng laman. Nagiging dahilan ito ng paggawa ng kasalanan.

Samakatwid, huwag tayong makinig at tumingin sa masasamang bagay, at huwag tayong pumunta sa mga lugar na masama. At bantayan natin ang puso natin para huwag itong tumanggap ng mga bagay mula sa mundo. Kahit mag-ayuno at manalangin tayo para mapabanal, hindi natin tuluyang maiiwaksi ang likas na makasalanan kung tatanggap tayo ng mga bagay na pagnanasaan ng mga mata. Mahihirapan tayong lumaban dito.

Kaya pagkatapos nating pagsikapang pigilan ang pagnanasa ng mga mata, mahalagang mag-ayuno at manalangin para maiwaksi ang likas nating makasalanan. Kung nagawa na natin ito, maaari na tayong bigyan ng pagpapala at kalakasan ng Diyos, tatanggap tayo ng mga kasagutan sa inspirasyon ng Espiritu.

#### Pangatlo, ang Pagmamataas sa Buhay

Ang 'pagmamataas sa buhay' ay ang likas na lumalabas sa pagyayabang tungkol sa mga bagay na magpapasaya sa sarili. Pinapahalagahan nila ang pansariling kayamanan, katanyagan, kaalaman, kapangyarihan sa lipunan, talento, o pag-aayos ng sarili. Pero hindi maibibigay ng mga bagay na ito ang tunay na halaga at buhay, sa halip, dahil sa kagustuhan mong maiangat ang sarili, lalabanan ninyo ang Diyos, at dahil dito, babagsak kayo sa walang hanggang kamatayan.

Pagkatapos nating iwaksi ang walang kabuluhang laman, mawawala ang pagmamataas sa buhay at ang lahat ng pagnanasa. Katotohanan lang ang susundin natin. Sinasabi sa 1 Mga Taga-Corinto 1:31, "Ang nagmamalaki ay ipagmalaki ang Panginoon." Ang pagmamalaking ito ay pagmamalaki tungkol sa mga pagkilos ng Diyos. Ito rin ay para makapagtanim ng pananampalataya at pag-asa sa puso ng mga makakarinig at makakapagbigay ng luwalhati sa Diyos. Kung magmamataas tayo tungkol sa Panginoon sa ganitong paraan, maluluwalhati ang Diyos. Bibigyan Niya tayo ng mas maraming biyaya sa espiritu at katawan.

Sinabi ni Jesus sa Lucas 16:13, "Walang aliping makapaglilingkod sa dalawang panginoon, sapagkat kapopootan niya ang isa, at iibigin ang ikalawa, o kaya'y magiging tapat sa isa at hahamakin ang ikalawa. Hindi kayo makapaglilingkod sa Diyos at sa kayamanan."

Nagsalita rin si Jesus tungkol sa lalaking mayaman na nahulog sa Mababang Libingan dahil sa pagmamahal niya sa mundo at sa pulubing si Lazaro na namahinga sa kandungan ni Abraham. Ibig sabihin, kung mahal natin ang sanlibutan, hindi natin mahal ang Diyos. Napapabayaan natin ang Salita Niya, wala tayong magagawa kung tatalikdan tayo sa bandang huli.

Samakatwid, dapat nating kilalanin ang mga bagay na pag-aari ng sanlibutan. Iwaksi natin ang pagnanasa ng laman, pagnanasa ng mga mata, at pagmamataas sa buhay, at kumilos ayon sa kalooban ng Diyos. Kung ganito ang gagawin natin, maaari tayong manahan sa walang hanggang Langit tulad ng kaluwalhatian ng sikat ng araw.

# "Ipinanganak na malusog ang sanggol ko kahit nasuring may palatandaang magkaka-Down syndrome"

Diakonesa Sungjin Yun (38 taong gulang, 2-21 Parish, South Korea)



Mula kaliwa, Punong Diakonesa Mideok Chun (biyenang babae), Diakonesa Yun, Bomi (anak na babae), Hyunseo (anak na lalaki), Diakono Insik Jeon (asawa)

Noong Hunyo 2013, ipinagbuntis ko ang pangalawang sanggol ko. Sumailalim ako sa Quad Screening Test noong ika-limang buwan. Nakita sa pagsusuri na ang sanggol ay may palatandaang magkaka-Down syndrome. Noong panahong iyon, ipinanganak ng isa sa mga kaibigan ko ang sanggol niyang may Down syndrome. Ang kondisyong ito ay pagkakaroon ng sobrang 'chromosome 21', magkakamukha ang mga apektadong sanggol, at mayroong mababang antas ng katalinuhan. Alalang-alala ako.

Gayon pa man, naranasan ko na ang kapangyarihan ni Dr. Jaerock Lee nang magkaroon ng aksidente sa sasakyan ang anak kong si Hyunseo. Gumaling ang anak ko dahil sa panalangin niya. Nagdesisiyon akong muling tanggapin ang pananalangin niya nang may pananampalataya.

Sinimulan kong isipin ang mga dahilan kung bakit hindi pwedeng sumailalim ang anak ko sa proteksyon ng Diyos, nagsisi ako at nag-ayuno. Hindi nagtagal, nakilala ko si Dr. Lee, sinabi ko sa kanya ang tungkol sa situwasyon ko. Ipinaliwanag niya sa akin ang mga dahilan at hiniling sa akin na sundin ko ang Salita ng Diyos. Pagkatapos, idinalangin niya ako.

Sa wakas, pinagsisihan ko ng lubos ang hindi ko pagsunod sa Salita ng Diyos, sinimulan kong basahin ang higit sa isang kabanata sa Biblia, isinaulo ko ang mahahalagang talata bawat araw. Habang nagsisikap akong isabuhay ang Salita ng Diyos, binasa ko ang *Romance of the Kingdoms*, librong inirekomenda ni Dr. Lee. Pinag-aralan ko ang mga kabutihan at kasamaan ng mga tauhan ng librong ito. Mayroon akong natanto.

Tinupad ko ang tungkulin ko bilang isang lider ng maliit na grupo, inalagaan ko ang mga miyembro nito nang buong-puso. Nanalangin ako sa pulong-panalanging Daniel at, kung minsan, sa pagsamba sa madaling araw. Habang ginagawa ko ito, bumalot sa akin ang pag-ibig ng Diyos at nakatiyak akong sumagot Siya.

Noong Nobyembre 9, 2013, mabilis at eksakto sa petsa ang panganganak ko. Maganda at malusog ang anak kong babae, walang tanda ng Down syndrome. Nagpasalamat ako sa Diyos na sumagot sa panalangin at nagbigay sa akin ng biyaya. At mas dapat pang ipagpasalamat ang malaking pagbabago ng takbo ng isipan ko. Dati, iniisip kong mahirap sundin ang Salita ng Diyos. Pero nawala ang ganitong saloobin, hangarin ko na ngayong palaging sumunod. Natanto kong ang lahat ng mensaheng ipinapangaral sa iglesya ay para sa ikakabuti ko. Nakasulat sa Deuteronomio 10:13, "...na tuparin ang mga utos ng PANGINOON, at ang kanyang mga tuntunin na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito para sa iyong ikabubuti." Lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay sa Diyos na nagbigay sa akin ng biyaya sa espiritu at katawan.

# "Lubos ang pagbabago ng buhay ko dahil sa mahimalang paggaling ko!"

Kapatid na Mahesh Arya (Delhi Manmin Church, India)



Lumaki ako sa mga hindi kaaya-ayang kalagayan. Naputulan ng dalawang binti ang tatay ko, kaya kinailangan kong makitira sa bahay ng tiyuhin ko bago ako pumasok sa primary school. Mas malala pa diyan, nagdusa ako sa sakit sa baga sa loob ng ilang taon; nabalian pa ako ng tadyang. Natapakan pa ng baka ang kaliwang paa, kaya magmula noon, hindi na ako makaluhod.

Dahil sa mga problemang ito, buong sipag kong pinaglingkuran and diyos ng Hindu na si Shiva. Pero palaging may masamang nangyayari sa akin. Aktibo din sa pagsamba sa mga diyus-diyosan ang tatay ko. Ako ang panganay na anak na lalaki sa pamilya ko, may galit sa akin ang tatay ko dahil sabi niya, ako ang dahilan ng lahat ng pangyayaring masama. Pero mahal na mahal ako ng nanay ko.

Huminto ako sa high school dahil sa kahirapan ng pamilya, nagsikap akong kumita ng pera. Dahil hindi maayos ang lagay ng kalusugan ko, hindi ako tinatanggap sa trabaho. Mahusay akong gumuhit, kaya pinag-aralan ko ito. Ibinenta ko ang mga ipininta ko, pero kulang pa rin ang kinikita ko dito. Naging dahilan ito ng problema at pananakit ng ulo ko.

Naisip ko na ring magpakamatay dahil sa mga kalungkutang ito. Gayon pa man, noong Marso 15, 2012, lubos na nagbago ang buhay ko nang bisitahin ko ang Delhi Manmin Church sa imbitasyon ng Kapatid na Amit Sharma. Kasabay ko siyang nag-aral sa pagguguhit. Habang nasa iglesya ako, pakiramdam ko nasa Langit ako. Ayaw ko nang umuwi.

Isang araw, ipinanalanging ni Pastor John Kim ang mga maysakit gamit ang panyong pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Nakakamanghang nawala ang pananakit ng ulo ko, matagal na itong hindi gumagaling. Pagkatapos noon, regular na akong dumadalo sa iglesya, napakasaya ko kahit isang oras ang pagbibisikleta ko para makarating doon. Nabagbag ang kalooban ko habang sumasamba sa pamamagitan ng internet, parang nasa malaking santuwaryo ako ng Manmin Central Church.


Habang binabasa ko ang pangunahing libro ni Dr. Lee na *Ang Mensahe ng Krus*, parang kinakausap niya ako. Nawala ang pananakit ng tadyang ko at gumaling din ang kanang paa ko habang isinusulong ko ang buhay ko bilang isang Cristiano. Damang-dama ko ang pag-ibig ng Panginoon. Pwede na akong lumuhod.

Kumilos din ang Diyos sa buhay ng mahal kong ina. Noong Abril 2012, malala ang kalagayan niya, pumunta siya sa ospital. Nasuring may malalang kanser siya sa larynx (lalamunan).

Pinayuhan kami ng doktor na umuwi na lang dahil wala na itong pag-asang gumaling pa. Nag-iyakan kaming lahat. Pero naniwala akong pagagalingin ng Diyos ang nanay ko tulad ng pagpapagaling Niya sa akin. Binisita kami ni Pastor Kim, pinalakas niya ang pananampalataya namin, pinapanood niya sa amin ang video ng mga makapangyarihang gawain ni Dr. Lee. Idinalangin niya ang nanay ko gamit ang panyo at pinainom niya ito ng Muan Sweet Water – ang inuming makapangyarihan, dating tubig-alat ng Muan Manmin Church bago ipanalangin ni Dr. Lee (Exodo 15:25). Ang mga umiinom ng tubig na ito nang may pananampalataya ay nakakaranas ng kapangyarihan ng Diyos. Tinanggap ko rin nang may pananampalataya ang panalangin ni Dr. Lee para sa mga may sakit tuwing pagkatapos niyang magbigay ng mensahe.

Hindi nagtagal, may nakita kaming nakakagulat na pagkilos ng Espiritu sa mga resulta ng pagsusuri. Ang bukol ng kanser na may 5sm haba ay lumiit, 1sm na lang ito. Hallelujah! Magmula noon, naging malusog na siya, hanggang sa lubos na siyang gumaling. Dati nahihirapan siyang magsalita, pero ngayon nagagawa na niya ito at naging malusog pati ang kutis niya.

Naging buhay na puno ng pasasalamat ang buhay kong napakalungkot dahil sa pag-ibig ng Panginoon. Ang lahat ng pagpapasalamat at kaluwalhatian ay para sa Diyos. Binigyan Niya ako ng kaligayahan.




Bago ipanalangin: wala sa tamang lugar ang 'larynx', itinulak ito ng kanser sa lalamunan




Pagkatapos ipanalangin: kapansin-pansin ang paggaling, nasa tamang lugar na ito

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714